Grade 5 Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Fokus ng Pangkilos

Fokus ang tawag sa makahulugang ugnayan ng pangkilos at ng paksa, na walang iba kung hindi ang bahaging pinagtutuunan ng kilos na ipinahahayag ng pangkilos at matatagpuan sa bahaging simuno. Pito ang fokus ng pangkilos.

Ang Fokus sa Tagaganap

Ang fokus ng pangkilos ay nasa tagaganap kung ang paksa ng pangungusap ang gumaganap sa kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Si Ernie ay nagdeposito ng pera sa banko.

Ang Fokus sa Layon

Ang fokus ng pangkilos ay sa layon kung ang paksa ng pangungusap ang tumatanggap ng kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Binasa ni Boboy ang tula ni Anthony.

Ang Fokus sa Tagapakinabang

Ang fokus ng pangkilos ay sa tagapakinabang kung ang paksa ng pangungusap ang nakikinabang ng kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Ipagdarasal namin ang pangulo.

Ang Fokus sa Instrumento

Ang fokus ng pangkilos ay sa instrumento kung ang paksa ng pangungusap ang kinakasangkapan upang maisagawa ang kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Ang kutsilyo ay ipanghiwa mo ng karne.

Ang Fokus sa Lokasyon

Ang fokus ng pangkilos ay sa lokasyon kung ang paksa ng pangungusap ang pinangyayarihan ng kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Pinangingisdaan ng mga tagabukid ang ilog.

Ang Fokus sa Direksiyon

Ang fokus ng pangkilos ay sa direksiyon kung ang paksa ng pangungusap ang nagsasaad ng direksyon ng kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Pinuntahan ng tatay ni Megs ang bago nilang tirahan.

Ang Fokus sa Sanhi

Ang fokus ng pangkilos ay sa sanhi kung ang paksa ng pangungusap ang dahilan ng pagkakaganap sa kilos na ipinahahayag ng pangkilos.

halimbawa:

Ang pag-abuso sa sarili ay ikinahina ni Leo.